**REBOLUSYUNARYONG PAHAYAGAN NG NUEVA ECIJA**

**Lingkaw**

**Pinangangasiwaan ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid - Nueva Ecija**

**ESPESYAL NA ISYU | BLNG 01 | HUNYO 2020**

# *IBAYONG PATATAGIN AT PALAKASIN ANG REBOLUSYUNARYONG PAGKAKAISA AT PAGLABAN!*

***Panawagan ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid ng Pilipinas sa mamamayang Novo Ecijano para sa ibayong pagkakaisa sa panahon ng krisis bunsod ng Pandemyang COVID 19 at sa sistematikong panunupil at pandarahas ng Rehimeng US-Duterte***

Nananawagan ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid ng Pilipinas sa mamamayang Novo Ecijano na higpitan, patatagin at ibayong palakasin ang rebolusyunaryong pagkakaisa at paglaban sa gitna ng walang kahalintulad na krisis at kahirapang kasalukuyang nararanasan ng mamamayang Pilipino bunsod ng Pandaigdigang Pandemyang Covid 19 virus. Higit pang pinalala ng isang hungkag, bangkarote, naghihingalo at nabubulok na sistemang panlipunang malakolonyal at malapyudal sa katauhan ng Rehimeng US-Duterte ang pandemya. Ang kanyang berdugo at pasistang AFP-PNP-CAFGU naman ay kaalinsabay na naghahasik ng makauring panunupil at pandarahas sa mamamayang naggigiit lamang ng kanilang demokratikong karapatan, interes at kagalingan sa panahong ito ng pandemya at kahiraparan.

Mulat, organisado at sama-sama tayong kumilos at manawagan para sa siyentipiko at medikal na paglutas sa pandemya na taliwas sa militaristang pagtugon dito. Kaalinsabay, ipanawagan natin ang karapatan sa kabuhayan na malaong ipinagkakait sa atin mula nang ipataw lockdown. Igiit din natin ang ating batayang karapatang pantao na 'di dapat nilalabag at niyuyurakan kahit pa at laluna ngayong panahon ng pandemya.




## *SISTEMATIKONG PAG-AABANDONA*

Walang kapares na krisis, kahirapan, kagutuman at pandarahas ang naranasan ng mamamayang Pilipino magmula nang ipataw ang Enhanced Community Quarantine o ECQ nitong Marso sa NCR at mga karatig na rehiyon. Sa pagtama ng Pandemyang Covid 19 virus sa ating bansa ay higit na nasaksihan ng mamamayan ang kawalang kahandaan at kakayahan ng rehimeng Duterte na harapin at resolbahin ang mga kahalintulad na mga krisis. Imbes na agad na ipataw ang travel ban sa bansa laluna yaong mga nanggaling sa Wuhan, China na episentro ng pandemya ay nagmanukmanukan at nagkibit-balikat muna si Duterte sa pag-aakalang ang Covid19 ay "kahalintulad lamang daw ng Flu virus." Sa panahon na ipataw ang restriksyon sa pagbiyahe ay huli na ang lahat at nakapasok na ang virus sating bansa. Sa pag-aakala na ang Covid19 ay kusang mawawala sa simpleng "hindi paglabas ng bahay" ay ipinataw ang lockdown sa kalakhang lugar nang wala man lamang programa ng sustenidong ayuda para sa mga nawalan ng hanapbuhay dahil sa ECQ. Hindi man mamamatay sa virus ay mamamatay naman sa ibayong kahirapan at kagutuman ang karamihan dahil sa kawalang trabaho at ayuda mula sa reaksyunaryong estado. Sa katunayan sa kabila ng pinangangalandakang ayuda mula sa Social Amelioration Fund o SAF ay higit na mas nakararami ang hindi nabigyan nito dahil sa kakulangan ng pondo para sa serbisyong sosyal habang hindi ginagalaw at dinadagdagan pa nga ang pondo at gastusing militar.

## *PASISTANG PANUNUPIL AT PANDARAHAS AT KAALINSABAY NA KULTURA NG KAWALANG HUSTISYA SA PANAHON NG PANDEMYA*

Sa tabing ng Pandemyang Covid19 ay inihasik ngayon ng rehimeng US-Duterte ang makauri nitong karahasan at panunupil sa mamamayang Pilipino. Sa pamamagitan ng ibayong paghihigpit at pilit na pagkontrol sa sibilyang populasyon sa

palasak na katwirang "pigilan ang pagkalat ng virus" ay pinaiiral ngayon sa bansa ang mala-Batas Militar na kaayusan. Kung saan lahat ay ipinaiilalim sa militaristang-pagtugon sa krisis sa pangunguna ng AFP, PNP at nang halos tapunan na ng mga retiradong heneral na militaristang gabinete ni Duterte. Matapos ang mga pahayag ni Duterte na pasunurin ang lahat sa kamay-na-bakal na pagpapatupad ng lockdown sa NCR at mga karatig na rehiyon ay tila mga asong ulol na sumunod ang AFP at PNP sa paghahasik ng karahasan sa mamamayan. Ilang linggo lamang matapos ang pahayag at atas ni Duterte na barilin at patayin ang mga lalabag sa lockdown ay pinatay ng pasistang kapulisan si Winston Ragos, isang dating sundalo na may karamdaman sa pag iisp noong Abril 21.

Gayundin sa kalagitnaan ng Pandemya ay mas lalong pinag ibayo ng pasistang AFP-PNP ang pagsupil sa mga nagsusulong ng tunay na panlipunang pagbabago gaya na lamang ng pagpatay kina Jory Porquia, isang aktibista sa kanyang inuupahang bahay sa Arevallo, IloIlo nitong Ika 30 ng Abril habang karumal-dumal naman ding pinatay at itinapon ang bangkay Carlito "Ka Karletz" Badion, lider ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap o Kadamay nito lamang ika 28 ng Mayo sa Ormoc City. Si Jory at Carlito ay walang ibang ginawa kungdi ang paglingkuran ang malawak na masang api at pinagsasamantalahan.

Karumaldumal at lantaran nang ipinakikita ng Rehimeng US-Duterte ang pangil nito sa mamamayan at bilang pagpapaigting ng pasistang panunupil ay kasalukuyang iniraratsada ngayon sa Kongreso at Senado ang Anti-Terrow Law o Terror Law, isang batas na sa aktuwal ay pagsasa-ligalisa na lamang at pagpopormalisa ng militaristang kaayusang umiiral na sa ilalim ng De-Facto Martial Law ng Rehimeng Duterte.

### *REBOLUSYUNARYONG PAGDAIG SA KRISIS NA PANDEMYANG COVID19 AT REHIMENG US-DUTERTE*

Subok nang maasahan at masasandigang matibay na pader ang rebolusyunaryong pagkakaisa ng mamamayan. Napatunayan na ito sa higit limang dekada nang sama-sama, organisado at mulat na pagkilos ng uring magsasaka at rebolusyunaryong masa sa gitna man yan ng mga kalamidad o sa mara rahas na atake ng reaksyunaryo-ng estado. Tigreng papel lamang ang mga naghaharing uri gayundin ang sa panlabas na nakapangingilabot na pasista't berdugong AFP-PNP-CAFGU. Sa aktuwal ang pinaigting na panunupil kaalinsabay ng tangkang pagsasabatas ng Terror Law ay malinaw na pagpapakita lamang ng malalim na desperasyon at takot ng naghaharing uri : Alam mismo ni Duterte, at ng AFP-PNP na hindi nila magagapi ang kilusang rebolusyunaryo sa natitirang kulang dalawang taon nyang pasistang panunungkulan. At kailangan nila ang batas na ito bilang pangmatagalang kasangkapan sa pagsupil sa kilusan at mamamayan—lampas sa termino ni Duterte.

Sa malawak na kanayunan, patuloy na sumusulong ang Agraryong Rebolusyon na tumutugon sa demokratikong kahilingan ng uring magsasaka at gayo'y nagsisilbing pangunahing pwersang pampakilos at bukal ng kasapian ng Bagong Hukbong Bayan. Habang sa kabila ng pasistang atake ay lumalawak at lumalalim ang muog na mga Rebolusyunaryong Baseng Masa'ng syang lunsaran ng pinaigting na Armadong pakikibaka sa anyo ng mga taktikal na opensiba'ng kapwa atritibo at anihilatibo na sumusugat nang malalim sa mga kaaway sa lahat ng dako ng kapuluan.

Kaalinsabay, sa mga binhi ng pulang kapangyarihang pampulitika ng kilusan sa iba't ibang antas ng mga nakatindig na Demokratikong Gubyernong Bayan ay isinusulong ng mga rebolusyunaryong masa ang malawak na kampanya kaugnay ng Pandemyang Covid. Sa pagsusulong ng siyentipiko at medikal na pagtugon sa krisis ay isinasagawa ang pagpapalaganap ng tamang impormasyon kaugnay ng pandemya, pinakikilos din ang mga komunidad sa sama-samang paggawa ng facemask at mga kasuotang pamproteksyon. Habang tinutugunan naman ng kampanya para sa kabuhayan ang problema sa kagutuman sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga grupong-tulungan para sa produksyon ng pagkain gaya ng pagtatanim ng mga gulay na mabilis anihin gaya ng petsay, mustasa, kamote at iba pang pananim. Hindi rin ito hiwalay sa isinusulong na rebolusyong agraryo kung saan patuloy na isinusulong ang pag okupa sa mga lupang tiwangwang, paggigiit ng karapatan sa pagbubungkal sa mga panginoong maylupa, pakikibaka laban sa mapagsamantalang usura, pag papanawagan para sa mataas na presyo ng palay at iba pang aning produkto at marami pang iba. Sa pamamagitan ng pag-asa-sa-sariling-lakas at sa sama-samang rebolusyunaryong pagkilos ay malalampasan at madadig natin kapwa ang Pandaigdigang Pandemyang Covid19 at ang papet, pasista, berdugo, kontra magsasaka at kontra-mamamayang reaksyunaryong Rehimeng US-Duterte!###




PKM NUEVA ECIJA

# ANG BAGONG NORMAL SA PANAHON NG PANDEMYA : KRIMINAL NA KAPABAYAAN AT SISTEMATIKONG PAG-AABANDONA'T KAINUTILAN KAALINSABAY NG PINAIGTING NA PANUNUPIL SA MAMAMAYAN

Nito lamang ika 23 ng Hunyo ay nagmarka ang ika-100 araw mula nang ipataw ng reaksyunaryong estado ang lockdown —na pinakamatagal sa buong mundo. Sa kabila ng matagal na panahon na pagpapataw ng batas militar na kaayusan sa sibilyang populasyon na nagdulot ng sapilitang pagkawala ng hanapbuhay at kagutuman, sa kabila ng bilyon-bilyong dolyar na nautang mula sa mga institusyong pampinansya at pondong galing sa buwis ng taumbayan ay hindi padin nagawang mapigilan ng reaksyunaryong estado ang pagkalat ng covid19 virus at umaabot na sa humigit 30,000 katao ang nahawaan nito at nadaragdagan padin sa kasalukuyan.

Mula nang ipataw ang lockdown, dahil sa kawalan ng kabuhayan at kawalan ng ayuda mula sa reaksyunaryong estado ay marami sa ating mga kababayan ang napilitan na lumabas ng kanilang mga tahanan upang humanap ng ikabubuhay na marangal para sa kanilang mga pamilya. Ngunit, imbes na tulungan ang mga ito ay walang pakundangan pang sinupil ng rehimen ni Duterte ang mga masa—naririyan ang pagpatay nila sa isang retiradong sundalo na si Winston Ragos nang walang awa itong pagbabarilin ng PNP sa kabila ng karamdaman nito sa pag iisip, naririyang ginulpi at ikinulong ang isang nagtitinda lamang ng isda sa Quezon City, ang pagpatay kina Jory Porquia at Carlito Badion na mga aktbistang tanging nais lamang ay ang pagsusulong ng tunay na panlipunang pagbabago at marami pang halimbawa ng kawalang hustisya at karahasang inihahasik sa sambayanan. Habang sa mismong hanay ng estado'y ganun-ganun na lamang ang pagbabalewala nila sa batas na sila mismo ang nagpapatupad gaya na lamang ng isinagawang birthday party ni NCRPO Chief Debold Sinas, ang paglabag sa mga panuntunan sa kwarantina ni Sen. Koko Pimentel, Mocha Uson at marami pang opisyal ng reaksyunaryong estado na ibayong nagpapakita ng malinaw na kawalang hustisya at kawalan ng panlipunang pagkakapantay-pantay sa panahong ito ng pandemya.

Sa "bagong normal" o "new normal" nakita natin ang ibayong pagkakalantad ng kawalang kakayahan at kawalang kaseryosohan ng estado na tugunan ang krisis—at bagkus ay buong katapangan pa ng hiyang ipasa ang sisi sa mamamayan : na matitigas daw ang ulo ng masa't wala raw disiplina kaya kumalat ang virus—gayong ang malinaw namang dahilan ng pagpalo ng kontaminasyon ay ang kawalan ng malawakang mass testing, contract tracing, paglalaan ng mataas na badyet sa sektor ng kalusugan upang makabili ng maraming PPE (personal protective equipment), facemask at ayuda at pagkalinga sa mga health workers, nars, doktor at lahat ng frontliners na lahat ay pawang responsibilidad sana ng isang gubyernong totoong naglilingkod sa interes ng nakararami.

Sa kabila ng malawakang kainutilan at sistematikong pag-aabandona—ang ganting tugon naman ng reaksyunaryong estado sa lehitimong mga panawagan at protesta ng masa ay ang pinasahol at pinabagsik na pasismo. Nito lamang ay hinuli ang mga nagsasagawa lamang ng relief operation na Anakpawis Partylist sa Bulacan, naririyang hinuli ang mga nagpoprotestang mga tsuper ng Piston6 na naghihirap na dahil sa ayaw parin silang payagang makapamasada, naririyang hinuli ang mga estudyante ng Cebu na nananawagan lamang ng libreng mass testing at pagbabasura sa Terror Bill. Pinakahuling insidente ng pasismo ng estado ay ang naganap na pang aaresto sa tinaguriang Pride20 sa isinagawang Pride March ng mga kapatid natin mula sa LGBTQ+ community nitong Hunyo 26. Ang naturang mga panghuhuli, kaalinsabay ng talamak na pagdukot at pagpatay ng estado sa mamamayan ay nakatakda pang sumahol at umigting sa nalalapit na pagsasabatas sa mas angkop na katawagang Terror Bill na walang iba kungdi ang terorismo ng estadong buong bangis na inihahasik sa mamamayan, na magkakaroon na ng legal na tabing na sa aktuwal ay pormalisasyon na lamang at legalisasyon ng nagaganap nang De Facto Martial Law sa buong kapuluan. ###

## NILALAMAN


| | |
|---|---|
| **Panawagan ng PKM sa mamamayang Novo Ecijano** | **01** |
| **Editoryal : Bagong Normal sa panahon ng Pandemya** | **03** |
| **Grand Mananita Protest kontra Terror Bill** | **04** |
| **Pagratsada sa Terror Bill, mariing tinutulan** | **04** |
| **Militarisasyon sa Licab, Nueva Ecija** | **05** |
| **Epekto ng Terror Bill sa masang magsasaka** | **05** |
| **Rebong Kultura : Itim, Puti, Pula ni Ka Sola** | **06** |
| **The Great Dictator ni Charlie Chaplin** | **07** |
| **Parangal sa mga Martir ng Sambayanan** | **08** |



Ang **Lingkaw** ay ang **Rebolusyunaryong Pahayagang Masa ng Lalawigan ng Nueva Ecija**. Ito ay inililimbag isang beses kada buwan sa pangangasiwa ng **Pambansang Katipunan ng Magbubukid**. Ang pamatnugutan ng Lingkaw ay bukas sa mga ambag na balita o reportahe, lathalain, rebolusyunaryong panitikan, mga dibuho at iba pang sining biswal, mga rebolusyunaryong pagbati at iba pang artikulo hinggil sa buhay at pakikibaka ng uring magsasaka at sanlaksang masang nagbabangon at lumalaban. Maaring humingi ng kopya ng **Lingkaw** sa pinakamalapit na himpilan ng PKM o BHB sa inyong lugar o maari itong i-download sa **www.lingkawnuevaecija.wordpress.com** at **philippinerevolution.net**

## GRAND MANANITA PROTEST, INILUNSAD KONTRA TERROR BILL SA ARAW NG IKA 122 TAON NG HUWAD NA KALAYAAN

Sa paggunita sa okasyon ng ika 122 taon ng huwad na kalayaan ng Pilipinas ay isinagawa ang isang "Grand Mananita Protest" sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, lungsod ng Quezon nitong nakaraang ika-12 ng Hunyo.

Nagtipon ang hindi bababa sa limanglibo kataong nagprotesta sa ilalim ng mga progresibong organisasyon sa NCR matapos ang halos tatlong buwang lockdown na ipinataw ng reaksyunaryong estado bunsod ng Pandemyang Covid19. Nagsagawa din ng kahalintulad na kilos protesta sa mga syudad ng Baguio, Naga, Cebu, Davao at iba pang lugar sa bansa. Bitbit ng mga nagprotesta, pangunahin ang panawagan para sa mariing pagtutol, pagkundena at paglaban sa isinusulong na Anti-Terror Bill ni Duterte't kanyang mga alipores sa Kongreso at Senado. Habang idiniin din nilang imbes na ang inaatupag ay ang pagsupil sa malawak na diskontentong nilikha ng kainutilan at pandarahas sa mamamayan ay ang dapat na atupagin at isa-prayoridad nina Duterte ay ang wastong pagtugon sa Pandemyang Covid19 gaya ng malawakang mass testing, contract tracing at kagyat at naaangkop na pagkalinga sa mga nagkakasakit gayundin sa mga frontliners.

Kaakibat ng kilos protesta'y mahigpit ding ipinatupad ang physical distancing at mga panuntunang pangkalusugan gaya ng pagsusuot ng facemask, paggamit ng alcohol at pag-alalay sa isa't isa. Ang pamagat ng protesta—Grand Mananita Protest ay hango sa matatandaang ginawang pagpapalusot ni NCRPO Chief Debold Sinas nang siya mismo at PNP ay lumabag sa panuntunan ng kwarantina't lockdown nang sila'y maglunsad ng isang birthday party para sa kaarawan ng hepe ng NCRPO na syang pinabulaanan niya sa pagsasabing hindi raw iyon party kungdi isang mananita lamang. ###




## SA PANAHON NG PANDEMYA AT KAGUTUMAN : PAGRATSADA SA PAGSASABATAS NG TERROR BILL, MARIING TINUTULAN




Sa kabila ng nararanasan ng mamamayan na magkatambal na delubyong pandemyang covid19 at panunupil ng rehimeng US-Duterte, imbes na pag ibayuhin ang mga pagsisikap para malunasan hindi lamang ang pandemya kungdi pati na ang nilikhang malawak na kagutuman at kawalang kabuhayan ay nakuha pa ngayon ng estado na isaprayoridad ang pagsupil at pagpapatahimik sa lahat ng naglalantad at bumabatikos dito.

Nito lamang nakakaraan ay iniatas ni Duterte`at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na isertipikang "urgent" ang pagsasabatas sa Anti-Terror Bill—isang batas na binalangkas ng mga utak-pulburang militaristang gabinete't mga heneral sa AFP at PNP ng kasalukuyang reaksyunaryong estado na sa aktuwal ay pagsasa-ligalisa't pagpopormalisa na lamang ng nagaganap nang de-facto Martial Law o karahasang militar sa buong kapuluan.

Ang pagsasabatas sa Terror Bill sa kabila ng nararanasang krisis at kahirapan sa panahon ng pandemyang Covid19 ay nagpapakita hindi lamang ng pinakamalinaw na sistematikong pag-aabandona sa kagalingan at interes ng mamamayan - ito rin ay walang iba kungdi ang buong bagsik na pasistang panunupil at lantarang terorismong inihahasik ng reaksyunaryong estado sa sambayanang Pilipino.

Sa ilalim ng naturang batas, ay pag-iibayuhin at magkakaroon na ng legal na tabing ang ginagawang mga pananakot, intimidasyon, panghuhuli, pagdukot at pagpatay ng reaksyunaryong estado't berdugong AFP-PNP-CAFGU sa lahat ng mamamayang lumalaban at kumikilos para sa tunay na panlipunang pagbabago. Sa pamamagitan lamang ng "hinala" o "pag-aakala" na mga pinagsususpetsahang "terorista" ay maari nang ipailalim ang sinuman sa walang taning na surbeylans, pag-aresto nang walang warrant at pagdedetine mula 10-24 araw sa sinuman sa ngalan ng Anti Terror Law.

Pangunahing layunin ng Terror Bill ay patahimikin at busalan ang lehitimong mga karaingan at hinaing ng mamamayan at pigilan ang mga dumadagundong na kilos protesta na ibayo nang yumayanig sa naghihingalo at nabubulok nang rehimen ni Duterte. Sa katunayan, imbes na maglaan ng mga rekurso at pagsisikap, kasama na ang pagbabalangkas ng mga batas na makakatulong sa pagresolba sa pandemyang Covid19 gaya ng malawakan at libreng mass testing, maagap na contact tracing, mataas na pondo at subsidyo para sa mga ospital at pangkalusugang pangangailangan ng mamamayan, gayundin ang sanang suporta sa kabuhayan laluna sa maraming nawalan ng trabaho ay nakuha pa ng estado na unahin ang isang batas na magbubusal sa mga makatwiran at napapanahong mga panawagang ito. ###

## SA PANIBAGONG PAG ATAKE SA MGA MAGSASAKANG NOVO ECIJANO : MILITARISASYON SA LICAB, NUEVA ECIJA - NAGDULOT NG TAKOT AT LIGALIG!

Nito lamang nakakaraang mga linggo ay walang pakundangan at buong katapangan ng hiyang lumatak ang mga nagpakilalang mga pulis sa isang liblib na sityo sa Brgy. Sta. Maria, Licab, Nueva Ecija. Ayon sa naunang dalawang kalalakihan na pumunta sa naturang kubkuban o mga bahayan - sila raw ay may hinahanap na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan na diumano raw ay namataan sa naturang lugar.

Ngunit imbes na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ay mga lehitimong residente at pawang mga uring magsasakang nagbabakod lamang ang kanilang nadatnan sa lugar. Bagaman at malinaw na wala naman roon ang kanilang hinahanap ay nagtagal pa sila rito ng ilang mga linggo sa isang partikular na bahayan habang matamang sinusubaybayan, tinitiktikan at tinatakot ang mga residente. Mistulang Batas Militar sa naturang lugar dahil sa lahat na lamang ng mga aktibidad roon ng mga residente ay matama nilang sinusubaybayan at inuurirat—ultimo ang pagbili ng mga abasto o rekurso gaya ng mga pagkain at kagamitang pansaka gaya ng mga pataba at iba pang gamit sa bukid ay ganoon na lamang nila kung tanung -tanungin sa mga residente. Mula sa naunang dalawa ay nadagdagan pa ito ng apat na kalalakihan na pumakat hindi lamang sa mga bahayan kungdi sa mismong bukid kung san tahimik na nagsasaka't naghahanapbuhay ang masa. Samantala, may tatlong ahente-militar ding namataan na pumakat sa mga bahayan sa barangay ng Bubon sa bayan padin ng Licab.

Dahil sa nakapangliligalig na kapaligirang nilikha ng mga ahente-militar ay nagdesisyon ang ilang nagsasaka sa lugar na huwag na lamang ituloy ang kanilang paghahanapbuhay. Ang naturang pangyayaring ito ay isa lamang sa mahabang serye na ng militaristang kaayusang ipinataw sa lalawigan ng Nueva Ecija kasing aga pa ng taong 2017. Matatandaang noong Pebrero 2017 ay walang pakundangang ni-raid ng pinagsamang puwersa ng AFP at PNP ang ilang mga bahayan sa bayan ng  Quezon, Sto. Cristo at noong taong 2018 naman ay kahalintulad na pangyayari ang naganap sa Bagong Barrio sa bayan ng Guimba at sa Pulong Mayaman sa bayan ng Aliaga. Taong 2018 dumating ang 69th IB sa kapatagan ng Nueva Ecija na sumaklaw sa mga bayan ng Aliaga, Licab, Quezon, Sto. Domingo, Guimba, Cuyapo at mga karatig pang bayan upang maghasik ng lagim, takot at ligalig sa sibilyang populasyon. Sa kasalukuyan ay pinalitan na ito ng 84th IB na nagkakampo sa bayan ng Aliaga, Guimba at pinakahuli ay ang pagbalik sa Licab, Sta Maria na di bababa sa 15 katao na nagpapatuloy sa kontra magsasaka, kontra mamamayang pasistang pang-aatakeng ibayong nagdudulot ng walang kapares na takot at ligalig sa masa. ###




## EPEKTO NG TERROR BILL SA MASANG MAGSASAKA : IBAYONG PANGANGAMKAM NG LUPA AT PINABAGSIK NA PASISTANG ATAKE'T PANUNUPIL



Malaon nang nagdurusa ang  ordinaryong magsasaka at mamamayan sa nararanasan nilang makailang ulit nang kahirapan, pangaabuso at pasistang pag-atake't panunupil sa kamay ng mga panginoong maylupa, reaksyunaryong estado at mga berdugo nitong AFP-PNP-CAFGU at pribadong mga de-baril na maton o mga goons  - ngunit nakaamba pang mas lumala at sumahol ito kapag napirmahan na ni Duterte ang Anti-Terror Bill at tuluyan nang maging isang batas.

Ang Terror Bill sa kanyang mas angkop na katawagan ay magreresulta lamang ng mas talamak na pangangamkam ng lupang sakahan, pagpapalayas sa mga lupang tirikan at pagpapaigting ng mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa uring magsasaka gaya ng pambabarat sa presyo ng palay at iba pang agrikultural na ani, pagsahol ng pang-uusura o di makatwirang pagpapatubo sa pautang at marami pang iba. Sa ilalim ng Terror Bill, kahit ang simpleng paghiling ng magsasaka sa kanyang lehitinong karapatan na magbungkal ng lupa ay mangangahulugan at babansagan na ng gubyerno bilang isang anyo ng terorismo—kahit sa simpleng paghihinala lamang nila sa isang magsasaka o indibidwal na kasapi ng mga lehitimo at legal na organisasyong mga magsasaka ay madali na lamang sa kanila na *"i-redtag"* o markahang pula ang mga iyon at sabihing mga nakasanib o sumusuporta sa Bagong Hukbong Bayan kahit na wala naman silang anumag pinanghahawakan na katibayan.

Sa pamamagitan din nito ay nawawalan ng pagkakataong solusyunan ang mga problema ng magsasaka dahil basta nagreklamo ka ay arbitraryong tatapusin na lamang ng estado ang argumento sa simpleng pagbabansag na "Komunista" o "Terorista" ang sinuman. Dahil rito ay hindi na mapag-uusapan ang pagiging lehitimo ng mga karaingan at panawagan, at bagkus ay ihahasik na lamang nila nang buong bagskik ang hindi makatwirang pasistang panunupil at makauring pandarahas laban sa mamamayan.

Kung mayroon mang makikinabang sa Terror Bill—iyon ay walang iba kungdi ang mga kaaway sa uring panginoong maylupang mas lalong magkakaroon ng higit na kapangyarihan upang dahasin at takutin ang uring magsasaka at maisasakatuparan nito ang pinaigting na mga pagpapalayas sa mga lupang sakahan at loteng tirikan sa pamamagitan ng pangangamkam ng lupa at paggamit ng makauring dahas.

Kung kaya naman, sa buong bansa ay lumalawak at lumalakas ang panawagan ng uring magsasaka na ibasura ang Terror Bill at higit na palakasin ng uring magsasaka ang kanilang hanay para sa kanilang makatarungan at makatwirang mga interes at kahilingan. ###

# ITIM, PUTI, PULA
## ni Ka Sola

**I. ITIM**
Gumuguhit ang itim na ugat
Mula sa aking kamao hanggang braso
Mahapdi ang paulit-ulit na pagtusok
ng labas-masok na karayom
Naglalagay ng gamot at
kumukuha ng dugo
Masakit pero kailangan

Tulad ng pagguhit ng araro ng
Magsasaka sa itim na lupa
Tuwing panahon ng taniman
Paulit-ulit ang pagtusok, pagbungkal,
Pagbasag, pagpino sa lupa
Nananalangin, nangangarap,
Nagpapawis para sa saganang ani
Sa lupang ipinagkakait sa kaniya,
Sa aning 'di naman siya ang kumikita
Mahirap, pero kailangan

**II. PUTI**
Nagsabog ng liwanag ang bumbilya
Sa apat na sulok ng puting kwarto
Nakaporselas sa akin ang mga tinarak

na suero,
di mabilang na mga dextrose na ang
ikinabit
makirot ang binti
'di makatayo, 'di makaupo

Lumilipas ang mga araw na para
lamang natutulog
Pero lagi't lagi
may dalang pag-asa ang liwanag

Pero 'di ito katulad
ng liwanag ng bukang liwayway
ng nagsalimbayang asul, kahel at
dilaw -- isang orkestra ng kulay
na unti-unting nagbibigay daan
Sa puting liwanag ng araw

nasisinag sa mga
magsasakang
nakalusong na sa bukirin
Kakambal na ng kanilang
Palad ang itak, piko at
pala; 'di na mabilang
kung ilang beses
nang itinarak sa lupa
Makirot ang binti,
masakit ang likod
Lumilipas ang araw na
puno ng trabaho

Ngunit hindi habampanahong
matutulog ang diwa ng mga inaapi
dahil ang lupa ay para sa mga
nagbubungkal
Lagi't laging may dalang
pag-asa ang liwanag

**III. PULA**
Pero hindi itim o puti ang kulay ng araw na iyon
dahil pulang araw ng Nobyembre 14, 2019
alas dos ng hapon
sa pagitan ng bayan ng Bongabon at Rizal
Sa gitna ng barangay Vega at Estrella
pinapula ang bukirin
ng dugo ng mga anak nitong
magsasaka at lingkod ng masa
Pinaulanan ng bala ng berdugo ----
ang isang dampa na saksi sa pagpapagal ng magsasaka sa lupa at sa mithiin nyang lumaya

Kami'y hinuling sugatan
at ang iba'y nagbuwis ng kanilang
tanging buhay
Isinulat na ng kandilang dugo ang
mga pulang titik ng kasaysayan
ng pakikibaka
at ito'y 'di na mabubura
dahil silang mga bayani
ay habambuhay pararangalan
sa puso ng sambayanan

At simpula ng ika-apat na dugo ng bag

na isinasalin sa akin ngayon,
Sing-itim ng matatag na lupang
tinutungtungan ng sanlaksang
magsasaka
Sing-puti ng liwanag ng bawat bukang
liwayway na likha ng Diyos
--- Tyak na magtatagumpay ang
makauring digma
Dahil hindi mauubos ng kaaway
ang sambayanang nakikibaka
Tuloy ang laban!



*Pagbati sa mga tatay na nagbuwis ng buhay para sa bayan.*
*Para kina Ka Allan, Ka Epi at Ka Dakne*

## The Great Dictator Speech
## ni Charlie Chaplin
## Isinalin sa Filipino ni Rody Vera

Kinalulungkot ko, pero ayoko maging diktador. Hindi iyan ang gusto ko.
Ayokong mamuno o manakop ng kahit sino. Gusto kong tulungan ang bawa't isa, kung kailangan. Gusto nating tulungan ang isa't isa, pagka't ganoon ang tao. Gusto nating mabuhay sa ligaya ng bawa't isa, hindi sa pagdurusa ng iba.
Ayaw nating kapootan o kamuhian ang sinuman at may lugar ang daigdig para sa lahat, at sagana ang butihing mundo at kaya nitong maglaan para sa lahat.

Ang buhay ay maaaring maging malaya at maganda, pero tayo'y naligaw ng landas.
Kasakiman ang naglason sa kaluluwa ng mga tao, binakuran nito ng poot ang daigdig, at pinagmartsa tayo patungo sa pagdurusa't pagdanak ng dugo.
Napabilis natin ang lahat, pero ikinulong natin ang mga sarili
Ang makinaryang nagdulot ng kasaganaa'y iniwan tayong laging nagangailangan.
Sa karunungan natin, wala na tayong pinaniniwalaan.
Sa katalinuhan natin, tayo'y naging walang-awa't malupit .
Labis tayong mag-isip, na halos nawala na ang ating damdamin.
Higit sa makinarya, kailangan nati'y pagkatao.
Higit sa katalinuhan, kailangan natin ng kagandahang-loob at kabutihan.
Pag wala tayo nito, magiging marahas ang buhay, at guguho ang lahat.
Pinaglapit na tayo ng teknolohiya. Ang mga imbensyong iya'y nananawagan sa kabaitan ng tao.

Nananawagan para sa pangdaigdigang kapatiran para sa pagkakaisa nating lahat.
Ngayon, maaari akong marinig ng milyong tao sa buong daigdig – milyong lalaki, babae, kabataang nawalan ng pag-asa, mga biktima ng sistemang umuudyok sa ilang hayop na pahirapan at ikulong ang mga inosente.
Sa lahat ng nakikinig sa akin, sinasabi ko – huwag kayong mawalan ng pag-asa.
Ang pagdurusang laganap ngayon ay dulot ng kasakiman – kapaitan ng ilang takot sa pag-unlad ng sangkatauhan.
Ang kapootan nila'y lilipas din, at papanaw ang mga diktador, at ang kapangyarihang inagaw nila sa mga tao'y babalik sa mga tao.
Sa kabila ng kamatayan ng marami, hindi maglalaho ang kalayaan.

Mga kababayan! Huwag kayong bumigay sa mga hayop – mga taong namumuhi sa inyo – umaalipin sa inyo – hawak ang inyong leeg – nag-uutos sa inyo – kung anong dapat isipin at damhin!
Silang nagsasanay sa inyo – nagpapakain sa inyo – turing sa inyo'y mga masunuring tupa, ay gagamitin lamang kayong bala sa kanyon.
Huwag kayong bumigay sa mga tiwaling ito – mga taong makina ang utak at puso.
Hindi kayo mga makina! Hindi kayo mga hayop! Kayo'y mga tao!
Ang pag-ibig ng sangkatauhan ay nasa puso niyo! Hindi kayo sadyang mapoot. Silang walang nagmahal ang sadyang ganoon - silang hindi minahal at mga tiwali.
Mga kababayan! Huwag niyong ipaglaban ang pagkaalipin Ipaglaban niyo ang kalayaan!
Kayo, ang mga tao, ang may kapangyarihan – Kapangyarihang lumikha ng kaligayahan!
Kayo, ang mga tao, ang may kapangyarihang gawing malaya at maganda ang buhay.
Sa ngalan ng demokrasya – gamitin natin ang kapangyarihang iyan – magkaisa tayo.
Ipaglaban natin ang isang bagong daigdig – isang mundong mapitagan na magbibigay ng pagkakataong magtrabaho ang mga tao – na magbibigay ng kinabukasan sa kabataan, at kasiguruhan sa nakatatanda.
Nangako rin ng ganito ang mga gago na nangamkam ng kapangyarihan.
Pero mga sinungaling sila! Hindi nila tinupad ang pangakong iyan at hindi tutuparin kailanman!
Pinalalaya ng mga diktador ang kanilang mga sarili habang inaalipin nila ang taumbayan!
Ngayon, ipaglaban natin at tuparin ang pangakong iyan!
Lumaban tayo't palayain ang daigdig – iwaksi ang kasakiman, ang poot, at kawalan ng pag-unawa.
Ipaglaban natin ang isang daigdig na nakasandig sa katuwiran, kung saan ang siyensya at pag -unlad ay tuon sa kaligayahan ng mga tao.
Mga kababayan,
Sa ngalan ng demokrasya, magkaisa tayo!

*Nota : Ang naturang piyesa na "The Great Dictator" ni Charlie Chaplin ay isinalin sa Filipino at inilabas sa mismong paggunita sa ika-122 araw ng huwad na kasarinlan ng bansa upang maging paalala sa lahat at magsilbi naring panawagan sa mapanghamong panahon na ito ng Pandemyang Covid19 at pasistang pang-aatake ng Rehimeng Duterte—na huwag matakot sa mga nag-aastang diktador (gaya ni Hitler noong unang inilabas ang orihinal na bersyon at ni Duterte sa kasalukuyang panahon) dahil ang higit na mas makapangyarihan at mananaig padin rito ay ang kapangyarihan ng taumbayan na kayang magbuwal at magpabagsak sa kahit sinumang diktador, sa kahit anumang kapanahunan. Mapapanood ang bersyon nito sa bidyo kung saan makikita ang kolaborasyon ng mga progresibo at makabayang artista ng bayan na bumigkas sa naturang makapangyarigang talumpati sa YouTube at Voyage Studios FB Page—i-search lamang ang The Great Dictator Tagalog version.*

**#DUTERTERORISTA**




**#JunkTerrorBillNow**
**#OustDuterteNow**

# PINAKAMATAAS NA PAGDAKILA'T PAGPUPUGAY SA LAHAT NG MARTIR NG SAMBAYANAN!



GITNANG LUZON

***Pinakamataas na Pagdakila, Pagpupugay at Parangal ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa lalawigan ng Nueva Ecija sa mga martir nito sa Rehiyong Gitnang Luson at sa buong kapuluan para sa kanilang walang pag-iimbot na paglilingkod sa interes at kagalingan ng malawak na sambayanan. Hindi matatawaran ang kanilang kadakilaan at kabayanihang kinakailangang paghugutan ng ibayong aral at inspirasyon para sa pagpapatuloy at pagpapaigting ng isinusulong na Demokratikong Rebolusyong Bayan hanggang sa ganap na tagumpay ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo at sa ultimong pag alpas mula sa hulagpos ng tanikala ng kahirapan, pang-aalipi't pagsasamantala.***